

## MGA MUNGKAHING GAWAIN

**Panuto**: Sagutin ang mga sumusunod na tanong:

1. Saliksikin at ilista ang mga salitang nakalaban ng Selfie(2014), Fotobam(2016) at Tokhang(2018) sa Sawikaan:Pagpili ng salita ng taon.

   a. **Selfie (2014):** Bossing, CCTV, Endo, Filipinas, Hashtag, Imba, Kalakal, PDAF, Peg, Riding-in-tandem, Storm surge at Whistle-blower.

   b. **Fotobam(2016)**: Bully, Founding, Hugot, Lumad, Milenyal, Meme, Netizen, Tukod at Viral.

   c. **Tokhang(2018)**: Dengvaxia, DDS, Dilawan, Fake news, Federalismo, Foodie, Quo Warranto, Resibo, Train at Troll.

2. Ano-anong mga salik ang nakapagpanalo sa mga salitang nasa ibaba upang tanghaling salita ng taon?

   **a. Selfie (2014):** malaki ang impluwensiyang dulot ng social media sa buhay ng mga Pilipino kung kaya't nagging patok ang salita na ito sa Pilipinas, ang paggamit ng sakitang selfie ay nagbibigay ng "sense of  empowerment" sa mga tao na maibahagi ang kanilang "self of aesthetic" sa iba.

   **b. Fotobam(2016):** ito ay hango sa wikang Ingles na binago ang baybay,isa sa mga salik nito ay ang pagiging kwela ng mga Pilipino sa salitang ito na kung saan sinasadya ng ibang Pilipino na maging "fotobam" sila sa larawan ng isang tao. Ito ay iminungkahi upang maging manawagan at mamulat sa pagkilos  hindi lamang sa kapwa nya historyador  kundi sa lahat ng mamamayang Pilipino sa buong bansa.

   **c. Tokhang(2018):** isa sa mga salik kung kaya't itinanghal ito na salita ng taon ay dahil naging centerpiece ito ng administrasyong Duterte, itong salita na ito ay galing sa ka Bisayaan na pinagsama na dalwang salita na "toktok" (katok) at "hangyo"(pakiusap). Naging tanyag ito lalo dahil sa "Oplan Tokhang" na ipinatupad ng sa administrasyong Duterte upang ang mga kapulisan ay humingi ng pakiusap na tigilan na ang paggamit ng droga.

3. Ano ang kahalagahan ng mga salitang Selfie, Fotobam at Tokhang sa mga sumusunood:

   **a. Mamamayang Filipino**

   **Ang kahalagahan ng mga salitang ito sa mamamayang Filipino ay una, ang salitang selfie ay nangangahulugang self empowerment na kung  saan makikita ng isang tao ang kanyang self value o self worth, pangalawa ay ang salitang fotobam, na kung saan naman ay ipinapaalala ang kasysayan ng Piipinas sa**

**gobyerno na pagandahin o pagyabungin ang mga gusali na may mahalagang ganap sa ating kasaysayan at ang salitang tokhang na kung saan sinusuplong ang mga mamamayan na nalulong o gumagamit ng droga.**

**b. Lipunan**

**Ang kahalagahan naman ng mga salitang ito sa ating liounan ay nakakadala ito ng saya at ng aral na rin, tulad ng sinabi k sa mamamayang Filipino. Sa selfie,self empowerment,sa fotobam na pag alala sa ating kasaysayan at tokhang sa pagsugpo ng mga droga. Sa mga salitang ito nakikita na nakikiisa o marunong mag partisipa ang mga mamamayang Pilipino dahil sa simpleng paggamit na ito lalo na ang salitang selfie na kung saan hanggang ngayon ay ginagamit o ginagawa pa rin ito.**

**c. Wikang Filipino**

**Dahil sa mga salitang ito, nadagdagan na naman ang sarili nating salita. Patunay nito na kaya nating mga Pilipino na gumawa ng sarili nating termino o bersyon sa isang salita. Ito din ay nangangahulugang malikhain at parang wala lang ang problema sa mga Pilipino.**

**GAWAIN 2**

**Panuto:** Panoorin ang video na ISKOnaryo kung saan pinaliwanag ni Alkalde Francisco "Isko" Moreno Domagoso ang mga bagong salitang kaniyang pinasikat. Mula sa napanood ay sumulat ng maikling sanaysay hinggil sa kung paano binigyan ng kahulugan ang mga bagong salita.

Batay sa aking napanuod na video ni Alkalde Isko, ang kanyang mga sinasalita ay street words o salitang kalye. Kaya nya ito sinasalita dahil laki sya noon Tondo at sa kalye at dahil din dito nai express nya ang kanyang saloobin. Batay sa pagbibigay nya ng kahulugan sa mga salita ay bukod sa pagbabali-baliktad ng mga salita o pag ra rumble ng mga letra, ay inihahalintulad nya ito sa isang tao sa kanyang ginagawa. Tulad ng spiderman na ang ibig sabihin ay jumper ng kureyente, haciendero na ang ibig sabihin ay iskwater at ang Eddie at Patty na lagging magkasama, eddie kung ayaw mong magbanggit ng pangalan halimbawa ay may nagtanong sayo ng Sino ang kumuha ng pera dito sa lamesa? At ang isasagot mo ay “si Eddie” Sinong Eddie? Eddie-sya! Kasama si Patty, Patty-sya! Ang mga salitang kanyang pinauso ay patok na patok sa mga kabataan dahil bago ito sa kanilang pandinig.



**PANGWAKAS NG PAGTATAYA**

**Panuto:** Mula sa mga salitang nauuso sa kasalukuyan ay pumili ng isang salita na nasi mong dalumatin. Bumuo ng isang konseptong papel hinggil dito at isaalang-alang ang mga pamantayan sa paghirang ng salita ng taon.

**Salitang Dadalumatin**: Hiraya Manawari

**Layunin**

a. Malaman kung gaano kaganda at kung gaano kalalim ang kahulugan ng mga sinaunang salita.

b. Kung may pag asa ba na buhayin muli ang sariling wika o salita ng Pilipinas.

c. Malaman ang reaksyon ng gobyerno at ng mga kapwa Pilipino sa ideyang buhayin ang kagandahan ng ating sariling wika na ang baybayin at maituro ito sa paaralan.

**Panimula/Rasiyonale:**

**Matagal na akong nahuhumaling sa mga wika na bago sa akin tulad na lamang ng wikang Hangul sa South Korea, Nihongo sa Japan at syempre ang Baybayin sa ating bansa. Kaya ako nahumaling sa mga bagong salita sa aking pandinig dahil bukod sa makakapag komunika ako sa iba't ibang tao ay nadadagdagan din ang aking kaalaman, hindi lamang sa kanilang wika pati na rin sa kanilang kultura o tradisyon. Sa mga pagkakataong natututo ako ng mga bagong salita, naiisip ko kung pano ito nabuo, kung saan galing at kung ano ang totoong kahulugan nito at kung ito ba ay kilala sa ating bansa lalo na ang sinauna nating sistema ng pagsusulat, ang Baybayin?**

**Nilalaman:**

**Ang baybayin ay ang sinaunag sistema ng pagsulat ng mga Pilipino bago tayo sakupin ng mga dayuhan. Dahil sa pagkakasakop sa atin ng mga dayuhan, nawala ang baybayin o alibata at napalitan ito ng sistema ng pagsusulat ng dayuhan, ang ginagamit nating letra ngayon ay ang abakada na hango sa alpabeto ng mga Amerikano. Sa ngayon, may iilang mga Pilipino ang bumubuhay at pinag aaralan ang pag sulat ng baybayin o alibata. Hindi lamang dahil sa pagiging "cool" na tao ang kakalabasan mo dahil marunong kang gumamit ng baybayin kundi na rin dahil sa kagandahan ng letra ng ating sariling wika. Makikita mo naman kung gaano kaganda ang "stroke" sa pagsulat ng baybayin, kung gaano ito kahirap pag aralan ngunit Masaya din naming pag aralan at kung gaano kaganda ang mga sinaunang salita na may magaganda at malalalim din na kahulugan katulad na lamang ng "Hiraya Manawari" na ang ibig sabihin ay "Sana matupad/mangyari" galing ito sa salitang pinagsama na "Hiraya" malalim na anyo ng "Sana" at ang "Manawari" na ang ibig sabihin naman ay "Mangyari o matupad". Kapag ang salitang ito ay nai-apply sa pangarap, puwedeng ang maging kahulugan ng "Hiraya Manawari" ay "Abutin mo ang iyong pangarap".**

**Kaya ito ang aking napiling salita bilang itanghal sa salita ng taon dahil sa dami ng paghihirap na nararansan ng ating mundo, lalo na at tayo ay nasa gitna ng**

**isang pandemya, nais ko lang ipaalala sa lahat ng tao na hindi mapipigilan ng pandemya ang pangarap ng isang tao na matagal na nyang minimithi at isinasapuso.**

**Hiraya Manawari ang pangarap ng lahat ng Pilipino, na umunlad ang ating bansa. Hiraya Manawari sa mga estudyanteng nag klaklase gamit ang teknolohiya. Hiraya Manawari na ang kahilingan ng lahat ng tao sa buong mundo, ang matigil at matapos na ang pandemya na syang kumitil na sa maraming tao at syang nagpapahirap sa isa’t isa.**




**Konklusyon:**

Batay sa aking ibinoses sa pahayag na ito, nalaman ko na karamihan sa mga kabataan ang nagagandahan sa mga letra ng baybayin. Marami din ang tumatangkilik ditto at pag aralan ito ng mabuti. Dahil dito, nakikita kong may pag asa na mabuhay muli ang Baybayin sa ating bansa at kapag ito ay narinig n gating gobyerno, maaari nila itong gawan ng batas na ituro ang baybayin sa mga paaralan, dahil kung ang ibang wika nga ay naituturo, paano pa ang sarili nating wika?